



## **PANAGHOY PARA SA PAG-ASA: PANAWAGAN PARA SA MAPAGPASYANG PAGKILOS** *HINDI MAAARING NAGLILINGKOD TAYO SA PANGINOON AT SA PANG-AAPI NG MGA PALESTINO*

**Publikong paglunsad: 1 Hulyo 2020**

Kami sa Kairos Palestine at Global Kairos for Justice, isang pandaigdigang koalisyong nabuo bilang tugon sa Kairos Palestine "Sandali ng Katotohanan: sandiwa sa pananampalataya, pag-asa at pag-ibig mula sa puso ng Palestinong nagdurusa", ay mahigpit na nananawagan sa mga Kristiyano, mga simbahan at institusyong ekumenikal. Ginagawa namin ito kaisa ng mga naninindigang mga Kristiyano sa Palestino at sa buong mundo. **Panawagan ito para sa mapagpasyang pagkilos** sa usaping paniwala namin ay kaugnay sa integridad ng ating pananampalatayang Kristiyano.

Nakarating tayo sa kritikal na yugto ng pakikibaka para iwaksi ang pang-aapi ng sambayanang Palestino. Naligalisa ng pagtupad ng Estado ng Israel ng Nation State Law noong 2018 ang institusyonalisadong diskriminasyon sa Israel at mga teritoryong Palestino, at opisyal na pinagkait sa mga Palestino ang kanilang mga karapatang mabuhay, magkaroon ng kabuhayan, at kinabukasan sa bayang hinirang. Sinuportahan ng mga aksyon kamakailan ng administrasyong U.S. ang nagaganap na proyekto ng Israel na pang-aagaw ng lupa at pagkontrol sa buong teritoryo ng Palestine. Kasama dito ang paglipat ng embahada nito sa Jerusalem noong 2018, ang anunsyo ng gubyernong U.S. noong 2019 na tinuturing na nitong hindi na "kontra sa pandaigdigang batas" ang mga setelment sa West Bank, at ang planong "Kapayapaan patungong Katiwasayan" ng 2020. Ginatungan ng suportang U.S. at ng kulang-sa-bisang tugon ng pandaigdigang pamayanan, pinaluwag na ng bagong-buong gubyernong koalisyong ng Israel ang landas para sa garapalang pagsanib o annexation ng may-sangkatlong bahagi ng inokupasyong West Bank, kasama na ang Jordan Valley. Lalong nililinaw ng mga pangyayaring ito na nakarating na tayo sa pagwawakas ng ilusyong may intensyon ang Israel at ang mga higanteng may-poder sa mundo na respetuhin at ipagtanggol ang mga karapatan ng sambayanang Palestino sa dignidad, pagpapasya sa sarili, at mga batayang karapatang pantao na ginagarantya ng pandaigdigang batas, kasama na ang karapatang bumalik ng mga Palestinong refugee. Sa harap ng mga pangyayaring ito, panahon nang kilalanin ng pandaigdigang pamayanan ang Israel bilang apartheid state sa mata ng batas ng daigdig

Sa pagtitibay sa katotohanang ito, tanto natin bilang mga sumusunod kay Hesus na mahalagang gumawa na tayo ng mapagpasyang aksyon. Nakataya ang mismong pag-iral ng simbahan, ang integridad ng pananampalatayang Kristiyano, at ang kredibilidad ng Ebanghelyo. Ipinapahayag natin na ang pagsuporta sa pang-aapi ng sambayanang Palestino, aktibo o pasibo man, sa pamamagitan ng pananahimik, sa salita o gawa, ay kasalanan. Iginigiit natin na ang suportang Kristiyano para sa Zionismo bilang teolohiya at ideolohiya na naglelehitimo sa pagkait ng isang lahi sa karapatang pantao ng ibang lahi ay di-umaayon sa pananampalatayang Kristiyano at malubhang pagbaluktot ng Bibliya.

**Nananawagan kami sa lahat ng Kristiyano at sa mga simbahan** sa antas ng kongregasyon, denominasyon, pambansa at sa pandaigdigang ekumenikal na lumahok sa proseso ng pag-aaral, repleksyon at pangungumpisal kaugnay ng istoriko at sistematikong pagkait sa mga karapatan ng sambayanang Palestino, at sa paggamit sa Bibliya ng di-iilan para suportahan ang pang-aaping ito. Nananawagan kami sa mga simbahan na magnilay kung paanong naihayag ng kani-kanilang tradisyon ang banal na tungkuling itaguyod ang integridad ng simbahan at

pananampalatayang Kristiyano sa usaping ito. Hindi maaaring naglilingkod tayo sa Panginoon samantalang nananahimik tayo hinggil sa pang-aapi ng mga taga-Palestine.

Sa pagharap ng kairos na ito, tangan natin ang pamana ng pananampalataya't pagkilos ng mga nauna sa ating humarap sa krisis at mahigpit na sirkunstansya. Noong 1933 dineklara ng Alemang pastor at teologong si Dietrich Bonhoeffer na ang pagkakait ng rehimeng Nazi sa mga karapatan ng mga Hudyo at pakikialam ng estado sa usaping relihiyon ay naglagay sa simbahan sa *status confessionis*. Pinagtibay ng Deklarasyong Barmen ng 1934 ang obligasyon ng simbahan na tumindig laban sa inhustisya at walang-pag-imbót na tutulan ang mga ideolohiya ng tiraniya. Noong 1964 sinabi ni Willem Visser 't Hooft, ang unang Pangkalahatang Kalihim ng World Council of Churches (WCC), na ang rasismo, tulad ng apartheid, ay naglagay sa mga simbahan sa *status confessionis*. Sinundan ng WCC ang pahayag na ito ng pagkilos noong 1969 sa pagtupad ng matapang at malayong-tingin na Programa para Labanan ang Rasismo. Noong 1977 dineklara ng Lutheran World Federation (LWF) na "nilikha ng apartheid ang *status confessionis* para sa simbahan" at noong 1984 ay sinuspinde ang mga Lutheran Churches ng mga puti sa Timog Aprika na nagpapatupad ng apartheid. Noong 1982 dineklara ng World Alliance of Reformed Churches (WARC) na di-sang-ayon ang apartheid sa adhikaing Kristiyano, at sinuspinde ang mga myembrong simbahan na nagpapatupad ng pagbubukod-lahi. Pinagtibay ng World Communion of Reformed Churches (WCRC) noong 2017 na "kaugnay ng nagaganap na inhustisya at pang-aalipusta sa Palestine, at sa taghoy ng Palestinong pamayanang Kristiyano, na nakataya ang integridad ng pananampalatayang Kristiyano at praxis" at tinagubilin sa Pangkalahatang Kalihim na magsagawa ng anim na hakbanging direktang aksyon. Magmula 2009, lumitaw ang mga dokumentong Kairos mula sa mga organisasyong ekumenikal sa buong mundo bilang tugon sa pahayag na Kairos na "Sandali ng Katotohanan" ng mga Kristiyanong Palestino, na nangangako ng pagkilos at teolohikal na pagpapatibay sa propetikong panawagan na ito ng mga simbhang Palestino.

**Tawag ng kasalukuyang panahon ang kumilos nang mapangahas, lipos ang pananampalataya, at may paninindigan.** Panahon nang magpasya. "Kami ay nananawagan bilang mga Kristiyano at Palestino sa ating mga kapatid na Kristiyano sa mga simbahan sa buong mundo", pahayag ng dokumentong Kairos Palestine noong 2009. Walong taon ang lumipas, at noong 2017, sa kanilang Bukas na Sulat sa World Council of Churches at sa kilusang ekumenikal, sinabi ng Pambansang Koalisyon ng mga Kristiyanong Organisasyon sa Palestine: "Lagpas na sa mahigpit ang ating kinalalagyan. Nasa bingit na tayo ng delubyo ng pagbagsak. Hindi ngayon ang panahon ng mababaw na diplomasya, mga Kristiyano!" Ngayon, makalipas ang tatlong taon mula noon, ito ang panaghoy ng pag-asa sa ating mga kapatid sa buong mundo. Inaanyayahan natin ang mga kapwa Kristiyano, ang kanilang mga lokal na kongregasyon, mga simbahan at pandaigdigang samahang ekumenikal, na tanggapin at tumugon sa ating sama-samang pagsasaksi, sumama sa proseso ng pangungumpisal, at isagawa ang mga proseso para pormal na itakwil ang pang-aapi ng sambayanang Palestino at anupamang paggamit sa Bibliya para ikatwiran ang inhustisyang ito, sa pamamagitan ng pagsang-ayon na gawin ang mga sumusunod:

- **Isagawa ang mga proseso** sa antas lokal, denominasyon at ekumenikal na kumikilala sa kasalukuyang kairos at ang kahigpitan ng mapagpasyang aksyon kaugnay ng pagkakait sa karapatang Palestino at maling paggamit ng Bibliya. Ipahahayag ng mga pagkilos na ito ang pagkakaisa ng simbahan sa paninindigan nitong tumindig laban sa inhustisya saanman ito nagaganap
- **Magsagawa ng pag-aaral** at pag-aninaw kaugnay ng mga teolohiya at pag-unawa sa Bibliya na pinangskakan para ikatwiran ang pang-aapi ng bayang Palestino. Mag-alay ng mga teolohiya na propetikal na nananawagan para sa inklusibong pangarap ng lupaing para sa mga Israeli at Palestino, na nagtitibay na ang Panginoong tagapaglikha ay isang Poon ng pag-ibig, kaawaan, at katarungan; at hindi ng diskriminasyon at pang-aapi.

- **Ipagtibay ang karapatan ng mga Palestino na labanan** ang okupasyon, pagkakait, at pagbasura ng kanilang mga karapatang pundamental, at sumama sa mga Palestino sa kanilang mapanlikha't di-marahas na paglaban. Nagbibigay ang panawagang Palestino ng 2005 para sa Boycott Divestment and Sanctions (BDS) ng balangkas para sa mga hakbangin sa ekonomya, kultura at akademya at para sa direktang adhikaing pampulitika bilang pamamaraang di-marahas para wakasan ang okupasyon at pang-aapi. Ang layon ng BDS ay hindi para parusahan o ibukod ang Israel, kundi ang ipresyur ang Israel na sumunod sa pandaigdigang batas, at manawagan sa gubyerno't taumbayan nito, sa espiritu ng Salita ng Diyos, na umayon sa gawi ng katarungan at kapayapaan, nang sa gayo'y napagtibay ang sarili nitong mga karapatan kasabay ng mga karapatan ng sambayanang Palestino.
- **Igiit** din na magsagawa ng mga pamamaraan sa pulitika, diplomasya at ekonomya ang mga gubyerno at pandaigdigang samahan para matigil ang mga paglabag ng Israel sa karapatang pantao at pandaigdigang batas.
- **Tutulan ang anti-Semitismo** sa pamamagitan ng pagsusulong ng katarungan laban sa anti-Judaismo, rasismo at xenophobia; tutulan na itumbas ang pagtuligsa sa mga di-makatarungang aksyon ng Israel sa anti-Semitismo.
- **Suportahan ang mga inisyatiba** sa pagitan ng mga Israeli at Palestino at mga iba't-ibang paniniwala na pagtutulungan na lumalaban sa apartheid at okupasyon at nagbibigay ng mga oportunidad na magbukluran para sa iisang hinaharap na may parehas na paggalang at dignidad.
- **Pumunta sa Banal na Lupa at saksihan** ang realidad nang may maawaing tanaw sa pagdurusang mga Palestino, at makipagkapatiran sa mga inisyatiba sa pamayanan ang lahat ng mga mananampalataya at grupong sekular na di-ayon sa okupasyon at nagsisikhay para sa isang makatarungang kapayapaan.

Pinananawagan natin ito nang may pagsasaalang-alang sa kinabukasan ng kapwa sambayanan. Ayon sa mga salita ng Kairos Palestine, nakaugat ang panawagang ito sa *lohika ng pag-ibig* na naglalayong palayain kapwa ang mang-aapi at inaapi para mabuo ang panibagong lipunan para sa lahat ng nilalang sa lupain. Patuloy naming tangan ang pag-asang inihahayag sa dokumentong Kairos na iisa ang hinaharap ng mga Palestino at Israeli -- na "kayang buuin ang ating kabuhayang pampulitika, dala ang lahat ng kasalimuotan, ayon sa lohika ng pag-ibig at ng lakas nitong taglay, pagkalipas wakasan ang okupasyon at itayo ang hustisya." Bilang mga sumusunod kay Hesus, ang ating tugon sa mga ideolohiya ng eksklusibidad at apartheid ay ang itaguyod ang pangarap ng inklusibidad at pagkakapantay para sa lahat ng mamamayan sa lupain at magsikhay makibaka para maabot ito.

Kinikilala namin na sa ating komitment bilang Kristiyano sa paglaya ng sambayanang Palestino, tumitindig tayong salungat sa teolohiya ng Imperyo, isang kaayusan ng dominasyon sa daigdig na nagpapamalas ng pang-aapi sa lahi, ekonomya, kultura at ekolohiya na nagbabanta sa sangkatauhan at buong kalikhaan. Sa pagkukumpisal na ito, aming niyayakap ang pagiging kasapi sa pamayanan ng pinaghating tinapay, sa simbahang tumutupad sa misyong palaganapin ang mabuting balita na handog ng Diyos ang pag-ibig, kagandahang-loob, pagkahabag, at matiwasay na buhay para sa lahat.

**H.B. MICHEL SABBAAH**  
*Patriarch Emeritus: Latin Patriarchate of Jerusalem*  
 President, Kairos Palestine

**RIFAT KASSIS**  
*General Coordinator*  
 Global Kairos for Justice